
| MATATAG<br>K to10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 5 - 9, 2024 (WEEK 2) | Markahan: | 1 |


| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>A. Nauunawaan ang tekstong naratibong pabula;<br>B. Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto;<br>C. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>a. layon (magsalaysay at maglahad),<br>b. kahulugan,<br>c.tagapakinig/tagapanood/mambabasa,<br>d. konteksto (salusalo at kaarawan), at<br>e. tono at damdamin;<br>D. Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag: kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.); ekspresyon ng mukha<br>E. Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (dayagram) na namasid at napanood batay sa mga elemento nito. |
| **C. Nilalaman** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Pabula Kayarian ng<br>Tekstong Naratibo (Pabula) |

| | |
|---|---|
| | Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa Pagbuo ng Salaysay |
| **D. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| says, C. (2018, October 21). *ANG ASO AT ANG PUSA (Pabula ni:Mark Joseph Aragon)*. JHN Tequillo. https://makatangmakabagonghenerasyon.wordpress.com/2018/10/21/ang-aso-at-ang-pusapabula-ni-mark-joseph-aragon/ |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**KULAY-ALAM.** Kulayan ang hugis ng mga pahayag na maiuugnay sa salitang ALAMAT.<br> | (10 minuto)<br><br>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br> |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**THINK-PAIR-SHARE.**<br>● Pumili ng hayop na nais mong alagaan.<br>● Humanap ng kapareha at magbahagi ng kaalaman tungkol sa napiling hayop na kanilang nais.<br>● Isaalang-alang ang pagiging mabuti at aktibong tagapakinig at paggalang sa nagsasalita.<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. May alaga ba kayong hayop sa bahay?<br>2. Ano-ano ang mga katangian ng alaga ninyo sa bahay?<br>3. Bakit mahalagang mahalin at alagaan ang mga hayop sa paligid?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | (40 minuto)<br>Sa araw na ito,<br>• Magbabasa tayo ng isang pabula; uunawain natin ito at aalamin kung paano ito isinalaysay; magsasalaysay tayo ng ating mga natutuhan at karanasan; at aktibo tayong makikilahok sa talakayan at mga gawain sa aralin<br><br>Gamit ang estratehiyang Thumbs-Up-Side-Down tayahin ang kahandaan na ng mga mag-aaral.<br><br><br>*(10 minuto)* |

<table>
<tr><td></td><td>TALASALITA. Piliin ang salitang nagsasaad ng tunog na nagbibigay kahulugan sa pangungusap.<br>1. Alam kong gutom na ang pusa dahil sa sunud-sunod na pagngiyaw nito.<br>2. Ang tik-tak ng relo ay tila nagsasabing ikaw ay parating na.<br>3. Napalingon ako sa lakas ng pot-pot ng trak.<br>4. Ang twit-twit ng ibon ay kaysarap sa tenga.<br>5. Labis na takot ang nadama ko matapos kong marinig ang dagundong ng kulog.</td><td>Mga Tamang Sagot:<br>1. pagngiyaw<br>2. tik-tak<br>3. pot-pot<br>4. twit-twit<br>5. dagundong</td></tr>
<tr><td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td><td>IKALAWANG ARAW<br>Kaugnay na Paksa 1: Pag-unawa at Pagsusuri sa Alamat<br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>KULAY-ALAM. Kulayan ang bilog ng mga pahayag na maiuugnay sa salitang PABULA.<br><br><br>2. Pinatnubayang Pagsasanay</td><td>(10 minuto)<br>Bigyang laya ang mga mag-aaral na makapagsagot sa gawain at tanungin sa detalye batay sa kanilang mga naging kasagutan.<br>Mga Tamang Sagot:<br>● Hayop<br>● May aral<br>● Ugali ng tao<br>● Kathang-isip<br>(40 minuto)</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **UNAWAIN MO.** Basahin ang pabulang "Aso at Pusa" ni Joseph Atagon sa link na ito https://makatangmakabagonghenerasyon.wordpress.com/2018/10/21/ang-aso-at-ang-pusapabula-ni-mark-joseph-aragon/<br><br>**STORY FRAME.** Ibigay ang mga detalyeng hinihingi kaugnay sa binasang pabula.<br><br>**TAUHAN**<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Sino-sino ang mga tauhan sa pabula?<br>2. Ilarawan ang mga tauhan sa pabula.<br><br>**TAGPUAN**<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Saan naganap ang pabula? Patunayan.<br>2. Kailan ito naganap? Bakit mo ito nasabi?<br><br>**PANGYAYARI**<br><br>1. Ano ang ginagawa ni Aso kapag nakakakita siya ng mga basurang nagkalat sa mga daanan? Bakit niya ito ginagawa?<br>2. Bakit nagsinungaling si Pusa kay Aso?<br>3. Bakit hindi pumayag si Aso sa alok ni Pusa?<br>4. Ano ang nangyari kay Pusa nang bumagyo?<br>5. Kung ikaw si Aso tutulungan mo ba si Pusa mula sa pagkakalunod? Bakit?<br>6. Ano ang aral na napulot sa kuwento?<br>7. Bakit mahalagang mahalin natin ang ating kapaligiran? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**BOOKabolaryo!** Panuto: Ibigay ang kasingkahulugan ng mga salita ayon sa pagkakagamit nito sa kuwento. Piliin sa mga aklat ang kasingkahuluganng mga salita.<br><br>**1. lalagyan: ____________**<br>**2. palamuti: ____________**<br>**3. sutil: ________________**<br><br>IKATLONG ARAW<br>**Kaugnay na Paksa 2: Di-Berbal na Hudyat Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**SIPAT-EKSENA.** Panoorin ang video ng isang masining na pagkukwento.<br>Video: https://www.youtube.com/watch?v=8_UFnNQqkRU<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Ano ang iyong naramdaman habang isinasagawa ang gawain?<br>2. Tungkol saan ang iyong napanood?<br>3. Madali mo bang naunawaan ang akda?<br>4. Paano nakatulong ang mga kilos at pagbigkas sa iyong pag- unawa?<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Di-Berbal na Hudyat**<br>Ang mga di-berbal na hudyat ay mga ekspresyon na hindi gumagamit ng salita para ipahayag ang mensahe. Kahulugan ng | *(10 minuto)*<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. sisidlan<br>2. dekorasyon<br>3. mapang-asar<br><br>*(10 minuto)*<br><br>*(20 minuto)*<br><br>Malayang magbahagi ang mga mag-aaral batay sa kanilang nakikita at obserbasyon. |

| **Di-berbal na hudyat** | **Kahulugan** |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |


| | | |
|---|---|---|
| | "kaangkupan ng salita/retorika at estilo sa pagpapahayag" sa konteksto ng di-berbal na hudyat ay ang paggamit ng mga kilos, galaw, ekspresyon ng mukha, tono ng boses, at iba pang paraan ng komunikasyon upang maiparating ang intensyon o mensahe sa mga tagapakinig o tagapanood.<br><br>Halimbawa, sa isang ritwal na naglalaman ng di-berbal na hudyat, ang pagtango ng ulo o pagngiti ng mga tao ay maaaring maging bahagi ng komunikasyon. Ang paraan ng kanilang paggalaw at ekspresyon ng mukha ay maaaring magbigay ng kahulugan o impormasyon hinggil sa ritwal. Kung ang ritwal ay naglalaman ng mga kilos tulad ng pag-awit, pagsayaw, o paggalaw ng kamay, ang kaangkupan ng mga kilos na ito sa ritwal at ang kanilang estilong pagpapahayag ay dapat na nagpapakita ng kahalagahan at kahulugan ng pagdiriwang.<br><br>Sa ganitong paraan, ang kaangkupan ng salita, retorika, at estilo sa pagpapahayag sa konteksto ng mga di-berbal na hudyat ay tumutukoy sa kung paano ang mga kilos at ekspresyon ay maayos na nakapagpapahayag ng mensahe o kahulugan sa isang partikular na sitwasyon o ritwal.<br><br>**Alam ko.** Magbigay ng mga di-berbal na hudyat na ipinakita sa video at ibigay ang kahulugan ng mga ito.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Tanghal-Alaman.** | *(30 minuto)* |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Gamit ang natutuhan sa aralin tungkol sa mga di-berbal na hudyat at kaangkupan ng salita/retorika at estilo sa pagpapahayag, ipagawa ang sumusunod:<br>● Magtanghal ng Masining na Pagkukwento gamit ang tekstong "Ang Aso at Pusa" ni Joseph Aragon.<br>● Bawat mag-aaral ay bibigyan ng bahagi lamang ng pabula at hindi buong pabula ang isasalaysay.<br>● Isasalaysay ng mag-aaral ang bahagi ng kuwento sa kaniyang mga sariling salita o pang-unawa. | Gamitin ang rubriks sa pagmamarka ng gawain ng mga mag-aaral. |

| Kraytirya | Napakahusay<br>10 | Magaling<br>9 | Paghusayin pa<br>8 |
|---|---|---|---|
| | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Di-Berbal Hudyat | Gumamit ng sining at ekspresyon ng katawan, tono ng boses, at iba pang di-berbal na hudyat madagdagan ang emosyon at kahulugan ng kuwento. | Maayos na ginamit ang di-berbal na hudyat upang magbigay ng dagdag na konteksto at pumukaw ng damdamin sa mga tagapakinig. | May ilang paggamit na ng di-berbal na hudyat ngunit hindi gaanong epektibo sa pagpapahayag ng upang mga ideya o emosyon. | |
| | Pagganap | Ang tagapagsalaysay ay nagamit ng iba't boses, tono, at ekspresyon upang bigyan-buhay ang bawat karakter at sitwasyon sa kuwento. | Mayroong ilang pagkakaiba-iba sa boses at ekspresyon ngunit maaaring kulang sa ibang bahagi ng kuwento. | May ilang pagkakaiba-iba sa ibang boses at ekspresyon ngunit hindi gaanong nakapagbigay-buhay sa mga karakter o sitwasyon. | |
| | Pagbigkas | Ang pagbigkas ay malinaw, mabisa, at may tamang tono at damdamin na nagpapahayag ng kahulugan at emosyon ng kuwento. | Malinaw at maayos ang pagbigkas ngunit may mga bahagi na kailangang pagtuunan ng pansin sa intonasyon o | Ang pagbigkas ay may mga pagkakamali sa intonasyon o bigkas ngunit hindi gaanong nakakaapekto sa pangkalahatang pag-unawa ng kuwento. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | pagsasaayos ng salita. | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**Kuwento ko!** Sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa paboritong alagang hayop. Ibahagi sa klase ang isinulat na maikling salaysay gamit ang mga di-berbal na hudyat sa pagpapahayag at mga angkop na salita sa pagpapahayag.<br><br><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**ALAM KO NA!** Isulat sa loob ng puso ang pinakamakabuluhang natutuhan tungkol sa araling tinalakay. Ibahagi sa klase ang naging kasagutan.<br><br> | *(40 minuto)*<br><br>*(20 minuto)* |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | 1. **Pagsusulit**<br><br>**Panuto:** Panuto: Ibigay ang kasingkahulugan ng mga nasalungguhitang salita. Gamitin sa sariling pangungusap ang nasalungguhitang salita.<br><br>1. Si aso ay matapang, malakas, masipag at mapagmahal sa kalikasan. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">KASINGKAHULUG AN:<br>PANGUNGUSAP:<br>2. Si pusa naman ay palaging bagot, mainipin ang ulo, masungit at hindi mawawala sa kanya ang magpaganda sa sarili.<br>KASINGKAHULUGAN:<br>PANGUNGUSAP:<br>3. Ayoko nga pusa sabi ko nga sayo kahapon na puwede tayong maapektuhan ng pagbaha at pagbagyo<br>KASINGKAHULUGAN:<br>PANGUNGUSAP:</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="6">B. Pagbuo ng Anotasyon<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon<br><br>kaugnay ng naging pagtuturo.<br>Dito idodokumento ang<br>naging karanasan mula sa<br>namasdang<br>ginamit na estratehiya,<br>kagamitang panturo,<br><br>pakikisangkot ng mga mag-aaral, at<br>iba pa. maaaring tala rin ang<br>bahaging ito sa dapat maisagawa</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="6"></td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Pakikilahok ng mga Mag-aaral<br><br>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. Maaaring bigyan ng gabay ang guro sa kung anong bahagi o aspeto ng aralin ang bibigyang pansin para sa mga tala. | | | | |
| **C. Pagninilay** Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| Ilang halimbawang tanong ang makikita sa pangalawang hanay. | | |